Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang Taong Isinugo Mula sa Diyos

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: E. Frischbutter at Sarah S.

Isinalin ni: Anne T.

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2009 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Sa loob ng templo isang araw, …



… isang matandang saserdote na nagngangalang Zakarias ay nagsusunog ng kamangyan alinsunod sa kaugalian at tungkulin ng pagkasaserdote.

Habang sa labas ng templo ang mga tao ay nananalangin. Biglang si Zakarias ay nanginig sa takot.

Isang anghel ang nagpakita. “Huwag matakot” sabi niya.

"Ako ay inatasan ng Diyos. Ang iyong asawa ay magkakaanak ng lalake.

Juan ang iyong ipapangalan sa kanya
at siya ay mapupuspos ng
Banal na Espiritu.

Papanumbalikin niya ang maraming tao sa Diyos.”

"Magsalita ka Zakarias." Ang mga tao ay nagtataka, hindi nila alam na sinabi ng anghel kay Zakarias na siya ay mapipipi hanggang
sa ...

... ang bata ay maisilang dahil
hindi siya naniwala kaagad
na ang kanyang asawa
ay magdadalantao
pa, dahil sa
katandaan
nito.

Sa Kanilang tahanan, isinulat ni Zakarias lahat ng sinabi ng anghel at namangha ang kanyang asawang si Elisabet.

Parati silang nananalangin ng isang anak. Mangyayari kaya ito ngayon?

At Hindi nagtagal si Elisabet ay nagdalantao at nagpuri siya sa Diyos. Isang araw, ang pinsan ni Elisabet na si Maria ay dumalaw sa kanya. Si Maria ay naghahanda din sa pagdating ng kanyang sanggol.

Nang dumating si Maria, naramdaman ni Elisabet na ang sanggol sa kanyang sinapupunan ay lumundag sa tuwa at si Elisabet ay napuspos ng Banal na Espiritu.

Nalalaman niya na ang sanggol na dinadala ni Maria ay ang Panginoong Hesukristo. At sabay silang dalawa na nagpuri sa Diyos ng may kagalakan.



At isinilang nga ni Elisabet ang kanyang sanggol gaya ng ipinangako ng Diyos.

“tawagin natin siyang
Zakarias, gaya ng
kanyang ama,” wika
ng isang saserdote.

Biglang naalala ni Zakarias ang sinabi ng anghel sa kanya, kaya "Hindi! Ang pangalan ng sanggol ay Juan."

ayon sa kaniya na isinulat ang
mga katagang yaon, at
biglang nanumbalik
ang kanyang tinig.
At siya'y nagpuri
sa Panginoon.

Habang si Juan ay
lumalaki, siya ay
nagiging katulad
ni Elias na isang
dakilang lingkod
ng Diyos.

Isinasalaysay ni
Juan sa maraming
tao ang tungkol sa
Anak ng Diyos na
darating at
magliligtas
sa kanila.

Subalit kinamumuhian si Juan ng mga pinuno ng mga Hudyo dahil sa patuloy niyang pagbabala sa kanila na "Magsisi! Talikuran ang inyong mga kasalanan."

Dahil ayaw
nilang makarinig
patungkol sa
kanilang mga
kasalanan.

Ang tawag ng karamihan sa kanya
ay Juan Bautista, sapagkat
siya ay nagbabautismo
sa tubig ng mga
taong nagsisisi
at nagnanais na
talikuran
ang lahat
ng mga
kasalanan.

Isang araw, si Hesus ay lumapit kay Juan at nagpabautismo.

"Ako ang nararapat na iyong bautismuhan" wika ni Juan kay Hesus.

Subalit sinabi ni Hesus sa kanya "Hayaan mo na ito ay maganap." At siya ay binautismuhan ni Juan.

Matapos ang pagbautismo kay Hesus, nakita ni Juan na ang Banal na Espiritu ay bumababa kay Hesus sa anyong kalapati.

Ito na ang itinakda ng Diyos at alam ni Juan na si Hesus ang Anak ng Diyos.

Tinawag
ni Juan
si Hesus
na Kordero
ng Diyos na
mag-aalis ng
kasalanan ng
sangkatauhan.

Dumarami na ang mga taong nadadala ni Juan sa Panginoon, subalit ang masamang pinunong si Herodes ay pinakulong siya.

"Kasalanan na angkinin mo bilang asawa si Herodias na asawa ng iyong kapatid" wika ni Juan kay Herodes. Alam ni Herodes na ito ay totoo.

Alam niyang si Juan ay lingkod ng Diyos, matuwid at banal, at hindi titigil si Juan sa pangangaral ng katotohanan kahit na siya ay makulong pa.

Dumating ang kaarawan ni Herodes at nagkaroon ng malaking salu-salo.

Nang sumayaw ang anak ni Herodias, labis itong naibigan ni Herodes, …

... sinabi niya "Humiling ka ng kahit
na anong bagay na iyong nais, at
ibibigay ko sa iyo maging ang
kalahati ng aking
kaharian."

"Ano kaya ang aking hihilingin?" naisip ng dalaga. Subalit sinabi ng kanyang masamang inang si ...

… Herodias
na may labis
na pagkamuhi
kay Juan,
kung ano ang
dapat niyang
hilingin!
Ito ay
napakasama!


“Ibigay mo sa akin ang ulo ni Juan bautista na nakalagay sa isang pinggan,” ang hiling ng dalaga kay Herodes.
Nalungkot si Herodes sa …


... kanyang ipinangako sa dalaga subalit hindi niya kayang baliin ang kanyang salita. Kaya, "Pugutan ng ulo si Juan at dalhin dito" utos ni Herodes at sinunod naman ng kanyang mga kawal.

Gayun na lamang ang kalungkutan na inilibing ng kanyang mga kaibigan ang matapang at matapat na lingkod ng Diyos na si Juan Bautista.

At dito nga natapos ang tungkulin
ni Juan sa Panginoon,
subalit alam nila
na nariyan ang
Panginoong
Hesus upang
aliwin sila
sa kanilang
kalungkutan.

Ang Taong Isinugo Mula sa Diyos

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Lukas 1, 3; Marcos 6

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16